| English | Filipino (Tagalog) |
| --- | --- |
| **Information for travellers returning to the ACT from Victoria** | **Impormasyon para sa mga manlalakbay pagbalik sa ACT mula sa Victoria** |
| **What can I do?** | **Ano ang maaari kong gawin?** |
| • ACT residents who have recently travelled to Victoria, are permitted to return to the ACT, including by car or plane but must quarantine for a period of 14 days from the day after leaving Victoria, under quarantine restrictions.<br>• Non ACT residents who have an exceptional need to travel to the ACT from Victoria, may be granted an exemption to enter the ACT. | • Ang mga residente ng ACT na kamakailang naglakbay sa Victoria ay pinapayagang bumalik sa ACT, kabilang ang naglakbay sa pamamagitan ng kotse o eroplano, ngunit dapat magkuwarentena ng 14 na araw mula sa araw pagkatapos lisanin ang Victoria, alinsunod sa mga paghihigpit ng kuwarentena.<br>• Ang hindi mga residente ng ACT na may natatanging pangangailangan na maglakbay sa ACT mula sa Victoria, ay maaaring mabigyan ng exemption para makapasok sa ACT. |
| **What can't I do?** | **Ano ang hindi ko maaaring gawin?** |
| • Canberrans are strongly advised not to travel to Victoria at this time.<br>• Travel to any Melbourne 'hotspot' suburbs is particularly discouraged.<br>• From 12:01am 8 July 2020, non ACT residents are not permitted to travel into the ACT from Victoria, unless they hold an exemption to enter. This is a temporary measure and will be reassessed in line with the NSW border advice. | • Ang mga Canberrans ay mahigpit na pinapayuhang huwag maglakbay sa Victoria sa panahong ito.<br>• Ang paglalakbay sa alinmang 'delikadong mga paligid-lungsod ng Melbourne' ay partikular na hindi inirerekomenda.<br>• Mula 12:01nu 8 Hulyo 2020, hindi pinapayagan ang mga hindi residente ng ACT na maglakbay sa ACT mula sa Victoria, maliban kung mayroong silang exemption para makapasok sa ACT. Ito ay pansamantalang hakbang at tatasahin alinsunod sa payo sa hangganan (border) ng NSW. |

| **What are my responsibilities?** | **Ano ang aking mga responsibilidad?** |
|---|---|
| • All returning ACT residents must notify ACT Health of their intent to return to the ACT, and provide a range of details.<br>• From 12:01am 8 July 2020, all ACT residents returning from travel to Victoria are required to enter quarantine for a period of 14 days from the day after leaving Victoria.<br>• Anyone who has recently been in the Greater Melbourne metropolitan area who arrived in the ACT prior to the Public Health Direction, is strongly encouraged to be vigilant and monitor themselves for any symptoms. If you get any COVID-19 symptoms, no matter how mild, you should get tested.<br>• Anyone coming to the ACT from Victoria must closely monitor themselves for symptoms of COVID-19.<br>• Penalties and fines may apply to those who fail to comply with Public Health Directions. | • Dapat ipaalam ng lahat ng mga bumabalik na residente ng ACT sa ACT Health ang kanilang layunin na bumalik sa ACT, at magbigay ng hanay ng mga detalye.<br>• Mula sa 12:01nu 8 Hulyo 2020, lahat ng mga residente ng ACT na pabalik mula sa paglalakbay sa Victoria ay kinakailangang magkuwarentena nang 14 na araw mula sa araw pagkatapos lisanin ang Victoria.<br>• Ang sinuman na kamakailan-lamang ay nasa Greater Melbourne metropolitan area na dumating sa ACT bago ang Public Health Direction, ay lubos na hinihikayat na maging maingat at i-monitor ang kanilang sarili para sa anumang mga sintomas. Kung ikaw ay magkaroon ng anumang sintomas ng COVID-19, kahit na gaano kabahagya, dapat kang magpasuri.<br>• Sinuman na dumating sa ACT mula sa Victoria ay dapat maingat na mag-monitor ng kanilang sarili para sa mga sintomas ng COVID-19.<br>• Ang mga parusa at multa ay maaaring ilapat sa mga taong nabigong sumunod sa Public Health Directions. |
| **Please note**: if you plan to quarantine at a private residence, it needs to allow for appropriate separation from other household members who are not in quarantine. Household members in quarantine would ideally have a separate bedroom, bathroom and should avoid spending time in communal spaces at the same time as other people in the home who are not in quarantine. If this can't be done you will be required to quarantine in a hotel or other approved premises. | **Pakitandaan**: Kung plano mong magkuwarentena sa isang pribadong tirahan, kailangang maipapatupad dito ang naaangkop na paghihiwalay mula sa iba pang mga kasambahay na hindi naka-kuwarentena. Ang mga kasambahay na nakakuwarentena ay pinakamainam na mayroong hiwalay na silid-tulugan, banyo at dapat nilang iwasan ang paggugol ng oras sa mga lugar na para sa lahat sa mga oras na kasabay ang ibang tao sa bahay na hindi nakakuwarentena. Kung hindi ito magagawa, aatasan kang magkuwarentena sa isang hotel o sa iba pang inaprubahang lugar. |

| | |
|---|---|
| ACT Health can assist in providing details of suitable accommodation which you can book (at your own expense). Please note that we will require evidence of a valid booking if you are using hotel accommodation for quarantine purposes. | Ang Health ACT ay maaaring makatulong sa pagbibigay ng mga detalye ng angkop na akomodasyon na maaari mong ipareserba (sa iyong sariling gastos). Tandaan lamang na hihingin namin ang ebidensya ng balidong booking kung gumagamit kayo ng akomodasyon ng hotel para sa kuwarentena. |
| **What are the community responsibilities?** | **Ano ang mga responsibilidad ng komunidad?** |
| • Maintain personal hygiene, including regular hand washing.<br>• Stay home if unwell.<br>• Avoid travelling to Victoria at this time for anything other than absolutely essential reasons.<br>• Get tested if you have COVID-19 symptoms. | • Panatilihin ang pansariling kalinisan, kabilang ang regular na paghuhugas ng kamay.<br>• Manatili sa bahay kung masama ang pakiramdam.<br>• Iwasan ang paglalakbay sa Victoria sa panahong ito para sa anumang bagay maliban sa mga kadahilanang ganap na kailangang-kailangan.<br>• Magpasuri kung ikaw ay may mga sintomas ng COVID-19. |
| **What does the public need to know?** | **Ano ang kailangang malaman ng publiko?** |
| • Continue to practise good hand and respiratory hygiene, physical distancing, stay home if you are unwell and get tested if you have symptoms of COVID-19.<br>• You should also download the COVIDSafe app and ensure you provide your first name and contact number to any businesses that are required to ask for contact tracing purposes. | • Patuloy na magsagawa ng wastong kalinisan ng kamay at respiratoryo, pisikal na pagdistansiya, manatili sa bahay kung ikaw ay may karamdfaman at magpasuri kung ikaw ay may mga sintomas ng COVID-19.<br>• Dapat mo ring i-download ang COVIDSafe app at tiyakin na ibinigay mo ang iyong unang pangalan at numero ng contact sa alinmang mga negosyo na inatasang humingi nito para sa mga layunin ng pagsubaybay ng contact (contact tracing). |
| **Can I travel to Victoria?** | **Maaari ba akong maglakbay papuntang Victoria?** |
| Canberrans are being strongly advised not to travel to Victoria at this time. Canberrans that choose to travel to Victoria will be required to undertake quarantine for a period of 14 days on their return. | Ang mga Canberrans ay mahigpit na pinapayuhang huwag maglakbay sa Victoria sa panahong ito. Ang mga Canberrans na piniling maglakbay sa Victoria ay aatasang magkuwarentena ng 14 na araw sa kanilang pagbabalik. |

| | |
|---|---|
| **How long will these measures be in place?** | **Gaano katagal itatalaga ang mga hakbang na ito?** |
| This is a temporary measure and will be reassessed in line with the NSW border advice. | Ito ay isang pansamantalang hakbang at tatasahin alinsunod sa payo ng hangganan (border) ng NSW. |
| **Can I quarantine at home?** | **Puwede ba akong magkuwarentena sa bahay?** |
| If you live in the ACT, you are encouraged to quarantine at home. More information is provided on the Quarantine page. | Kung ikaw ay nakatira sa ACT, ikaw ay hinihikayat na magkuwarentena sa bahay. May karagdagang impormasyon sa pahina ng Kuwarantena. |
| **Please note**: if you plan to quarantine at a private residence, it needs to allow for appropriate separation from other household members who are not in quarantine. Household members in quarantine would ideally have a separate bedroom, bathroom and should avoid spending time in communal spaces at the same time as other people in the home who are not in quarantine. If this can't be done you will be required to quarantine in a hotel or other approved premises. ACT Health can assist in providing details of suitable accommodation which you can book (at your own expense). Please note that we will require evidence of a valid booking if you are using hotel accommodation for quarantine purposes. | **Pakitandaan:** kung plano mong magkuwarentena sa isang pribadong tirahan, kailangang maipapatupad dito ang naaangkop na paghihiwalay mula sa iba pang mga kasambahay na hindi naka-kuwarentena. Ang mga kasambahay na nakakuwarentena ay pinakamainam na mayroong hiwalay na silid-tulugan, banyo at dapat nilang iwasan ang paggugol ng oras sa mga lugar na para sa lahat sa mga oras na kasabay ang ibang tao sa bahay na hindi nakakuwarentena. Kung hindi ito magagawa, aatasan kang magkuwarentena sa isang hotel o sa iba pang inaprubahang lugar. Ang Health ACT ay maaaring makatulong sa pagbibigay ng mga detalye ng angkop na akomodasyon na maaari mong ipareserba (sa iyong sariling gastos). Tandaan lamang na hihingin namin ang ebidensya ng balidong booking kung gumagamit kayo ng akomodasyon ng hotel para sa kuwarentena. |
| **Where can I get more information about quarantine?** | **Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa kuwarentena?** |
| If you need more information about quarantining at home, please visit our Quarantine page. You can also contact ACT Health via the COVID-19 Helpline on (02) 6207 7244. | Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagkuwarentena sa bahay, mangyaring bisitahin ang aming pahina sa Pagkuwarentena. Maaari mo ring kontakin ang ACT Health sa pamamagitan ng COVID-19 Helpline sa (02) 6207 7244. |

| **I’m an ACT resident returning from Victoria - do I need a permit to cross the ACT border?** | **Ako ay isang residente ng ACT na nagbabalik mula sa Victoria- kailangan ko ba ng permiso para makatawid sa hangganan (border) ng ACT?** |
|---|---|
| You do not require a permit to enter the ACT, however all returning ACT residents must notify ACT Health of their intent to return to the ACT and provide the following details to COVID.Exemptions@act.gov.au: | Hindi mo kailangan ng permiso para makapasok sa ACT, subalit lahat ng bumabalik na residente ng ACT ay dapat ipaalam sa ACT Health ang kanilang layunin na bumalik sa ACT at ibigay ang sumusunod na mga detalye sa COVID.Exemptions@act.gov.au: |
| 1. Name<br>2. Date of birth<br>3. Home address<br>4. Phone number<br>5. Email address<br>6. Travel details (flight number, by car etc)<br>7. Date of entry to ACT<br>8. Date you were last in Victoria<br>9. Details of address of where you plan to quarantine in the ACT. | 1. Pangalan<br>2. Petsa ng kapanganakan<br>3. Tirahan<br>4. Numero ng telepono<br>5. Email address<br>6. Mga detalye sa paglalakbay (numero ng flight, sa pamamagitan ng kotse atbp)<br>7. Petsa ng pagpasok sa ACT<br>8. Petsa kung kailan ka huling nasa Victoria<br>9. Mga detalye ng tirahan kung saan mo planong magkuwarentena sa ACT. |
| If you are travelling by road, you will also be required to seek a permit from the NSW Government to transit through NSW and would be required to transit through NSW by the most practicable direct route. Permits can be obtained online from: https://www.service.nsw.gov.au/transaction/apply-covid-19-nsw-border-entry-permit | Kung ikaw ay maglalakbay sa daan, kinakailangan mo ring humingi mula sa Pamahalaang NSW ng permiso para mag-transit sa NSW at mangangailangan kang mag-transit sa NSW sa pamamagitan ng pinakapraktikal na direktang ruta. Ang mga permiso ay maaaring makuha online sa: https://www.service.nsw.gov.au/transaction/apply-covid-19-nsw-border-entry-permit |

| | |
|---|---|
| **How will people who fly into Canberra from Melbourne be checked?** | **Paano susuriin ang mga tao na lumipad patungong Canberra mula sa Melbourne?** |
| Currently, all passengers on flights arriving from Melbourne into Canberra airport have their identification checked and are provided with advice on quarantine, if applicable. | Sa kasalukuyan, lahat ng pasahero ng mga flight na dumating mula sa Melbourne na nasa paliparan ng Canberra ay susuriin ang kanilang pagkakakilanlan at bibigyan ng payo sa kuwarentena, kung naaangkop. |
| **How long do I have to stay in quarantine for?** | **Gaano katagal dapat akong manatili sa kuwarentena?** |
| If you are returning to the ACT from Victoria, you will need to self-quarantine until 14 days have passed after leaving Victoria. | Kung ikaw ay bumalik sa ACT mula sa Victoria, kailangang mong magkuwarentena ng sarili hanggang lumipas ang 14 na araw pagkatapos lisanin ang Victoria. |
| **What proof do I need to show that I am an ACT resident at the border?** | **Anong katibayan ang kailangan kong ipakita sa hangganan (border) na ako ay isang residente ng ACT?** |
| Identification including proof of residence in the ACT. | Pagkakakilanlan kabilang ang patunay ng paninirahan sa ACT. |
| Details of a valid booking if you are using hotel accommodation for quarantine purposes. | Mga detalye ng balidong booking kung gumagamit ka ng akomodasyon ng hotel para sa pagkuwarentena. |
| **I have a permit to cross the NSW border – will this be accepted at the ACT border, or do I need to apply for an ACT permit?** | **Ako ay may permiso na tumawid sa hangganan (border) ng NSW – ito ba ay tatanggapin sa hangganan ng ACT, o kailangan kong mag-aplay ng permiso sa ACT?** |
| ACT residents do not need to apply for a permit to enter the ACT. You do need to notify ACT Health of your intention to return to the ACT from Victoria so that we can support you through the mandatory 14 day quarantine period. | Hindi kailangan ng mga residente ng ACT na mag-aplay ng permiso para makapasok sa ACT. Kailangan mong ipagbigay-alam sa ACT Health ang iyong layunin na bumalik sa ACT mula sa Victoria upang masuportahan ka namin sa ipinag-uutos na 14 na araw na kuwarentena. |

| | |
|---|---|
| Non-ACT residents travelling from Victoria can only enter the ACT if they have an exemption from ACT Health. | Ang mga residente na hindi taga-ACT na naglalakbay mula sa Victoria ay maaari lamang makapasok sa ACT kung sila ay may exemption mula sa ACT Health. |
| **I'm planning to travel to the ACT from Melbourne - will I be able to get through the NSW border?** | **Ako ay nagpaplanong maglakbay sa ACT mula sa Melbourne – ako ba ay makakatawid sa hangganan (border) ng NSW?** |
| You will be required to seek a permit from the NSW Government to transit through NSW. Permits can be obtained online from: https://www.service.nsw.gov.au/transaction/apply-covid-19-nsw-border-entry-permit | Ikaw ay kinakailangang humingi ng permiso mula sa Pamahalaang NSW para mag-transit sa NSW. Ang mga permiso ay maaaring makuha online sa: https://www.service.nsw.gov.au/transaction/apply-covid-19-nsw-border-entry-permit |
| **My car is registered to my old Melbourne address, but I now live in Canberra. If I travel to NSW, will I be allowed to cross the border to return to my ACT address?** | **Ang aking kotse ay nakarehistro sa aking lumang tirahan sa Melbourne, ngunit nakatira na ako ngayon sa Canberra. Kung maglalakbay ako sa NSW, papayagan ba akong tumawid sa hangganan (border) para makabalik sa aking tirahan sa ACT?** |
| You should be able to cross the border as you transit through NSW on your way to the ACT, but please ensure you have a form of identification which provides proof of residence in the ACT. | Dapat kang makatawid sa hangganan (border) habang nagta-transit sa NSW papunta sa ACT, ngunit mangyaring tiyakin na mayroon kang isang uri ng pagkakakilanlan na nagpapatunay ng paninirahan mo sa ACT. |
| You will need to apply for a permit from Service NSW. Permits can be obtained online from: https://www.service.nsw.gov.au/transaction/apply-covid-19-nsw-border-entry-permit | Kailangan mong mag-aplay ng permiso mula sa Service NSW. Ang mga permiso ay maaaring makuha online sa: https://www.service.nsw.gov.au/transaction/apply-covid-19-nsw-border-entry-permit |

| | |
|---|---|
| **My licence shows my old Melbourne address, but I now live in Canberra.  If I travel to NSW, will I be allowed to cross the border to return to my ACT address?** | **Ang aking lisensya ay nagpapakita ng dati kong tirahan sa Melbourne, pero nakatira na ako ngayon sa Canberra.  Kung maglalakbay ako sa NSW, papayagan ba akong tumawid sa hangganan (border) para makabalik sa aking tirahan sa ACT?** |
| You should be able to cross the border as you transit through NSW on your way to the ACT, but you should ensure that you have an alternative form of proof of your ACT residence with you as you travel. | Dapat kang makatawid sa hangganan (border) habang nagta-transit sa NSW papunta sa ACT, ngunit mangyaring tiyakin na mayroon kang alternatibong uri ng patunay ng iyong paninirahan sa ACT habang ikaw ay naglalakbay. |
| However, if you have been in Victoria in the last 14 days you will need to apply for a permit from Service NSW.  Permits can be obtained online from: https://www.service.nsw.gov.au/transaction/apply-covid-19-nsw-border-entry-permit | Gayunpaman, kung ikaw ay nasa Victoria sa nakaraaang 14 na araw, kailangan mong mag-aplay ng permiso sa Service NSW.  Ang mga permiso ay maaaring makuha online sa: https://www.service.nsw.gov.au/transaction/apply-covid-19-nsw-border-entry-permit |
| **I am returning from a visit to Victoria, but did not visit any hotspots - am I required to quarantine in the ACT for 14 days?** | **Ako ay pabalik mula sa pagbisita sa Victoria, ngunit hindi bumisita sa alinmang mga delikadong lugar - ako ba ay kinakailangang magkuwarentena sa ACT ng 14 na araw?** |
| Yes. | Oo. |
| From 12:01am 8 July 2020, ACT residents returning from Victoria will need to quarantine at home for 14 days. | Mula sa 12:01nu 8 Hulyo 2020, ang mga residente ng ACT na pabalik mula sa Victoria ay kailangang magkuwarentena sa bahay nang 14 na araw. |
| **I normally reside in Victoria, but have been staying in NSW – can I visit Canberra?** | **Ako ay karaniwang naninirahan sa Victoria, ngunit naglalagi sa NSW – maaari ko bang bisitahin ang Canberra?** |
| You can only travel into the ACT from NSW if you have **not** visited Victoria in the previous 14 days or have been granted an exemption from ACT Health. | Maaari ka lamang maglakbay sa ACT mula sa NSW kung **hindi** mo binisita ang Victoria sa nakaraang 14 na araw o pinagkalooban ka ng exemption ng ACT Health. |

| | |
|---|---|
| **How do I get an exemption to enter the ACT?** | **Paano ako makakakuha ng exemption para makapasok sa ACT?** |
| If you have an exceptional need to travel to the ACT, you will need to apply for an exemption at least 48 hours (wherever possible) before your intended travel date. | Kung ikaw ay may natatanging pangangailangan na maglakbay sa ACT, kailangan mong mag-aplay para sa exemption nang hindi bababa sa 48 oras (hangga't maaari) bago ang plano mong petsa ng paglalakbay. |
| **What can I do if I require an urgent exemption to visit the ACT within a matter of hours?** | **Ano ang maaari kong gawin kung kailangan ko ng agarang exemption para bumisita sa ACT sa loob lamang ng ilang oras?** |
| You should contact the COVID-19 Hotline in the first instance. However, please note that the Exemptions team within the ACT are receiving a high volume of enquiries at present. | Dapat mong kontakin ang COVID-19 Hotline sa unang pagkakataon. Gayunpaman, mangyaring tandaan na ang pangkat ng Exemptions sa ACT ay may malaking bilang ng mga pagtatanong na natatanggap sa ngayon. |